"... magsisi ka, at sumampalataya sa EVANGELIO."

# A N O   A N G   E V A N G E L I O ?

Ngayon ay ipinaaalam ko sa inyo mga kapatid, ang *EVANGELIO* na sa inyo ay aking ipinangaral, na inyo namang *tinanggap*, na siya naman ninyong *pinanininindigan*. Sa pamamagitan naman nito ay *ligtas* kayo, kung matiyaga ninyong iingatan ang salitang ipinangaral ko sa inyo, maliban na kung kayo ay *nagsipanampalataya* nang walang kabuluhan.
Sapagkat ibinigay ko sa inyo una sa lahat, ang akin namang tinanggap: kung paano si Cristo **namatay** dahil sa ating mga kasalanan ayon sa mga kasulatan; At siya ay **inilibing**, at siya ay **muling nabuhay** nang ikatlong araw ayon sa mga kasulatan; *ICorinto 15:1-4*

**KAMATAYAN   PAGLILIBING   MULING PAGKABUHAY**

*Datapuwa't silang lahat ay hindi SUMUNOD sa* EVANGELIO. *Roma 10:16*
*"... parusa sa inyo ... na HINDI NAGSISITALIMA sa* EVANGELIO *ng ating Panginoong Jesucristo:" II Tesalonica 1:8*
*"... ano kaya ang wakas ng mga HINDI NAGSISITALIMA sa* EVANGELIO *ng Dios?" I Pedro 4:17*

## *Paano SUSUNOD ang isang tao sa* EVANGELIO ?

Paano pa tayo, na mga **patay** na sa kasalanan, mabubuhay pa sa kasalanan. Hindi ba ninyo nalalaman na tayong lahat na nabautismuhan kay Jesucristo ay nangabautismuhan sa kanyang **kamatayan**? Tayo nga ay **nalibing** na kalakip niya sa pamamagitan ng bautismo sa kamatayan: na kung paano si Cristo ay **nabuhay na mag-uli** sa mga patay sa pamamagitan ng kaluwalhatian ng Ama, ay gayon din naman tayo ay makalalakad sa panibagong buhay. Sapagkat kung tayo ay naging kasama niya dahil sa pagkakatulad sa kanyang kamatayan, ay magkakagayon din naman tayo katulad ng kanyang pagkabuhay na mag-uli. Roma 6:2-5

**NAMATAY SA KASALANAN   INILIBING NA KASAMA NIYA**
**N A B U H A Y   N A   M A G - U L I**

At sinabi sa kanila ni Pedro, **Magsisi** kayo at **Magpabautismo** ang bawat isa sa inyo sa pangalan ni JESUCRISTO sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at **tatanggapin ninyo ang kaloob** ng Espiritu Santo. Gawa 2:38

**PAGSISISI   BAUTISMO   BANAL NA ESPIRITU**

## *Paano ipinangaral ni JESUS ang* EVANGELIO ?

Katotohanan, katotohanan sinasabi ko sa iyo, Maliban na ang isang tao ay *ipanganak na muli*, ay hindi siya makakakita ng kaharian ng Dios. Maliban na ang tao ay *ipanganak sa tubig* at sa *Espiritu* ay hindi siya makakapasok sa kaharian ng Dios. Huwag kang magtaka sa aking sinabi sa iyo, Kinakailangan ngang ikaw ay *ipanganak na muli*. Juan 3:3 + 5 + 7

**KAPANGANAKANG-MULI   TUBIG   ESPIRITU**

## *Paano ipinaliwanag itong karanasan sa kasulatan?*

### KAMATAYAN
NAMATAY SA KASALANAN
PAGSISISI
KAPANGANAKANG-MULI

| | |
|---|---|
| Gawa 3:19 | magbago |
| Gawa 11:21 | sumampalataya at magbalik-loob |
| Roma 6:6 | napako ang dating pagkatao |
| Roma 6:5 | natanim sa pagkakatulad sa kanyang kamatayan |
| Gal.2:20 | napakong kasama si Cristo |
| Ef.2:1 + 5 | patay sa pagsuway at sa kasalanan |
| Col.2:13 | patay sa kasalanan at sa di-pagtutuli |

### PAGLILIBING
INILIBING NA KASAMA NIYA
BAUTISMO
T U B I G

| | |
|---|---|
| Gawa 3:19 | upang mapawi ang mga kasalanan |
| Gawa 22:16 | hugasan mo ang iyong mga kasalanan |
| ICor.6:11 | nahugasan, naging banal, inaring-ganap |
| Gawa 2:38 | kapatawaran ng kasalanan |
| Gal.3:27 | ibinihis si Cristo |
| Ef.1:7 | katubusan sa pamamagitan ng kanyang dugo |
| IPedro 1:22 | nilinis ang iyong kaluluwa |
| Col.2:11 | pagtutuli kay Cristo |
| Col.2:14 | pinawi ang mga alituntunin |

### MULING PAGKABUHAY
NABUHAY NA MAG-ULI
BANAL NA ESPIRITU
E S P I R I T U

| | |
|---|---|
| Gawa 1:4 | pangako ng Ama |
| Juan 7:38 | buhay na tubig |
| Gawa 3:19 | panahon ng kaginhawaan |
| Juan 14:26 | Mang-aaliw |
| 14:17+16:13 | Espiritu ng katotohanan |
| Roma 8:9 | Espiritu ng Dios / Espiritu ni Cristo |
| Roma 6:4 | panibagong buhay |
| ICor.12:13 | pinainom sa isang Espiritu / binautismuhan sa isang katawan |
| Gal.3:14 | pangako ng Espiritu |
| Gal.4:6 | Espiritu ng kaniyang Anak |
| Ef.1:13 | tinatakan |
| Ef.1:14 | patotoo sa ating mana |
| Ef.2:1 + 5 | b i n u h a y |
| Ef.2:6 | tayo ay ibinangon |
| Col.2:6 | tinanggap si Cristo na Panginoon |
| Co.2:12 | muling binuhay na kasama niya |

Apostolische Pfingstgemeinde Mannheim
Friedelsheimerstr. 18-20
D - 68199 Mannheim (Neckarau) /Germany
Pastor Raymond Wey
Assistent Pastor Sascha Wey
www.jesus-is-god.de, www.v-p-m.de

**Ako ay namamangha na kay dali ninyong nagsilipat sa ibang evangelio buhat sa tumawag sa inyo sa biyaya ni Cristo; Ito ay hindi ibang evangelio kundi mayroong ilan, na sa inyo ay nanggugulo at nagnanais na pasamain ang evangelio ni Cristo. Datapuwa't kami man o isang anghel na mula sa langit, ang mangaral sa inyo ng anumang evangelio na iba sa aming ipinangaral ay dapat itakwil.** Galacia 1:6-8

**Sapagkat hindi ko ikinahihiya ang E V A N G E L I O ni CRISTO: dahil ito ang kapangyarihan ng DIOS sa I K A L I L I G T A S ng bawat sumasampalataya.**
Roma 1:16

Apostolische Pfingstgemeinde Mannheim
Friedelsheimerstr. 18-20
68199 Mannheim / Germany
http://www.v-p-m.de